



PATNUBAY SA MISA

30 Mayo 2021


Dakilang Kapistahan ng Tatlong Persona sa Iisang Diyos

Taon B

Ang Diyos na Disa ngunit Hindi Nag-iisa

Tayo ay nagdiriwang ng Dakilang Kapistahan ng Tatlong Persona sa Iisang Diyos. Ang isang taong ulila ng lubos ay talagang kaawa-awa. Subalit ang isang Kristiyano ay hindi kailanman maituturing na ulila. Dahil sa Espiritu Santo ay matatawag niya ang Diyos na “Ama! Ama ko!” (Roma 4:15b) Siya ay kaisa sa Mag-anak ng Diyos. Iniligtas siya ni Kristo at bininyagan “sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.” (Mateo 28:19b) Kakaiba ang Mag-anak na ito dahil kinausap ito ng Diyos at siya’y nagpamalas ng mga dakilang kababalaghan para ito ay mapalaya sa kaalipinan.

Ang Tatlong Persona sa Iisang Diyos ang taluktok ng ating pananampalatayang Kristiyano. Kahit tatlo ang Persona ay iisa ang Diyos. Ang Diyos ang pinakamakapangyarihan sa lahat. Kailangang iisa lamang ang Diyos dahil kapag dalawa o tatlo ang Diyos ay wala nang nakasasakop sa lahat; maghahati na sila ng nasasakupan. Kaya nga lamang ay malungkot ang nag-iisa. Subalit ang Diyos ay hindi malungkot sapagkat hindi Siya nag-iisa. Sa matindi at mahiwagang pagmamahalan ng Tatlong Persona sa isa’t isa ay mararanasan ang ligayang walang hanggan.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Purihin ang D'yos na banal na sa ati'y nagmamahal. Ama na Bukal ng buhay, Anak na s'ya nating Daan, Espiritung ating Tanglaw.

Pagbati

P –Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!
B –At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P –Nais nating makaugnay ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo upang tayo’y magkaisa at

makasalo sa kanilang kaligayahan. Ngunit lagi tayong kapos. Humingi tayo ng tawad sa Diyos. (Manahimik saglit.)

P –Para sa aming kakulangang iayon ang aming buhay sa ug-nayan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Para sa aming kakulangang ipalaganap ang pag-ibig ng Diyos sa mga taong nasa aming paligid, Kristo, kaawaan mo kami!

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P –Para sa aming kakulangang ikalat ang ligaya ng iyong buhay sa lipunang aming ginagalawan, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B –Amen!

Papuri

B –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa

This issue of *Patnubay sa Misa* may be downloaded for free anywhere in the world. A “love offering” for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to “Word & Life Publications.” Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. Thank You!

amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P– Ama naming makapangyarihan, sa iyong pagsusugo sa Salita ng Diyos na totoo at maaasahan at sa pagbibigay mo ng Espiritu nagpapabanal sa sanlibutan, ipinahayag ang iyong kahiwa-gaang dakila sa sangkatauhan. Sa pananampalatayang amin ngayong ipinagdiriwang, ipagkaloob mong aming maidangal ang Tatlong Persona sa walang hanggang kadakilaan at aming sambahing lubusan ang iyong iisang pagka-Diyos sa mahal na kapangyarihan, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B**–Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Deut 4:32-34. 39-40

Ipinaalam sa atin ng siping ito hango sa Aklat ng Deuteronomio ang katotohanang mahal tayo ng Diyos. Biniyayaan Niya tayo ng Kanyang Salita. Iniligtas Niya tayo sa kaalipinan sa pamamagitan ng mga dakilang kababalaghan. Binuo Niya tayo para maging Kanyang Bayang Hinirang.

L– Pagpapahayag mula sa Aklat ng Deuteronomio

Sinabi ni Moises sa mga tao: “Isipin ninyo kung may naganap nang tulad nito, nasaksihan o nabalitaan man lamang, mula nang likhain ng Diyos ang daigdig. Maliban sa inyo, sino pa ang nakarinig sa tinig ng Diyos mula sa haliging apoy, at nanatiling buhay? Sinong Diyos ang naglabas ng isang buong lahi mula sa isang bansa upang maging kanya sa pamamagitan ng pakikipagsubukan ng kapangyarihan, ng kababalaghan, ng digmaan, at ng makapangyarihang mga gawa, tulad ng ginawa ng Panginoon sa Egipto?

Dahil dito, dapat ninyong malaman na sa langit at sa lupa’y walang ibang Diyos liban sa Panginoon. Kaya nga, dapat ninyong sundin ang kanyang mga utos at tuntuning sinasabi ko sa inyo ngayon. Sa gayon, mapapanuto kayo at ang lahing susunod sa inyo; magtatagal kayo habang panahon sa lupaing ibinigay niya sa inyo.”

Ang Salita ng Diyos!

B–Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 32

B–*Mapalad ang ibinukod na bansang hinirang ng Diyos!*

R. M. Velez



Ma-pa lad ang i- bi-nu-kod na ban-



sang hi-ni-rang ng D'yos!

* **Panginoon’y tapat sa kanyang salita, at maaasahan ang kanyang ginawa. Minamahal niya ang gawang matapat, ang pag-ibig niya sa mundo’y laganap.** **B.**

* **Sa utos ng Poon, nalikha ang langit, ang araw, ang buwa’t talang maririkit; ang buong daigdig sa kanyang salita ay pawang nayari, lumitaw na bigla.** **B.**

* **Ang may takot sa Diyos, at nagtitiwala sa kanyang pag-ibig, ay kinakalinga. Hindi babayaang sila ay mamatay, kahit magtaggutom sila’y binubuhay.** **B.**

* **Ang ating pag-asa’y nasa Panginoon; siya ang sanggalang natin at katulong. Ipagkaloob mo na aming makamit, O Poon, ang iyong wagas na pag-ibig, yamang ang pag-asa’y sa ’yo nasasalig!** **B.**

Ikalawang Pagbasa Ro 8:14-17

Ang siping ito hango sa Sulat sa mga taga-Roma ay nagsaad ng dakilang pag-aampon sa atin ng Diyos para maging Kanyang mga anak. Ito ay sa pamamagitan ng pagkilos ng Espiritu Santong nagdala sa atin ng kaligtasang dulot ni Kristo.

L– Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid, ang lahat ng pina-

patnubayan ng Espiritu ng Diyos ay mga anak ng Diyos. Sapagkat hindi kayo tumanggap ng espiritu ng pagkaalipin upang muling matakot. Ang tinanggap ninyo ay espiritu ng pagiging anak, at ito ang nagbibigay sa atin ng karapatang tumawag ng “Ama! Ama ko!”

Ang Espiritu nga ang nagpapatotoo, kasama ng ating espiritu, na tayo’y mga anak ng Diyos. At yamang mga anak, tayo’y mga tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Kristo. Sapagkat kung tayo’y nakikipagtiis sa kanya, tayo’y dadakilain ding kasama niya.

Ang Salita ng Diyos!

B–Salamat sa Diyos!

Aleluya

Pah 1:8

B–Aleluya! Aleluya!

Dakila ang Amang mahal, Anak, Espiritung Banal, noon, ngayon, kailanpaman. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mt 28:16-20

Ang sipi ng ating Mabuting Balita ay ang katapusan ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo. Ito ang nagbibigay ng kabuluhan sa buong Ebanghelyo. Ang ating pangarap ay maging mapagmahal na anak ng Ama, masigasig na kapatid ni Hesukristo, at tunay na pinanahanan ng Espiritu Santo.

P– Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

B–**Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, ang labing-isang alagad ay nagpunta sa Galilea, sa bundok na itinuro sa kanila ni Hesus. Nang makita nila si Hesus, siya’y sinamba nila, bagama’t may ilang nag-alinlangan.

Lumapit si Hesus at sinabi sa kanila, “Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya, humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa. Binyagan ninyo sila sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-utos ko sa inyo. Tandaan ninyo: ako’y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B–**Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Hingin natin sa Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo na maging bukas ang ating mga puso sa pagkilos ng Espiritu Santo. Ang ating sasambitin ay:

B—Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo, dinggin Mo kami!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang sa tulong ng Tatlong Persona sa lisang Diyos ay mabigkis nila sa pagkakaisa ang lahat ng mga Kristiyano sa iisang Bayan ng Diyos, manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga Kristiyano sa ating bayan, upang sa taong ito ng paggunita sa ika-500 taon ng pagdating ng Pananampalatayang Kristiyano sa ating kapuluan ay mamalas ng lahat ang pagkakaisa ng mga bininyagan sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, lalo na sa panahong ito ng *Covid-19 pandemic* at iba't iba pang pagsubok, upang mabigyan sila ng karunungan at kakayahang mapanatiling matiwasay ang ating lipunan, manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga mag-anak at pamayanang nagkakawatak-watak dahil sa kasakiman at kawalan ng pakialam sa iba, upang mabigkis sila sa pagkakaisa at maipamalas na iisa ang Diyos na kanilang sinasamba, manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakati-pon sa pagdiriwang na ito, upang sa ating pagsisikap na maging tunay na mga anak ng Diyos, kapatid ni Kristo, at tahanan ng Espiritu Santo, ay maikalat natin ang pag-ibig at pagdadamay sa ating bansang dumaranas ng maraming pagsubok, manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*) **B.**

P—O Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo, pinupuri namin kayo sa Inyong pagkakaisa at lubos na pag-iibigan. Tulungan Ninyo kaming matularan ang huwarang Inyong ipinakikita sa amin at nang magtulongan kami sa mga sandali ng suliranin at kagipitan. Dinggin Ninyo kami, O Tatlong Personang nabubuhay at naghahari bilang lisang Diyos ngayon at magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P—Manalangin kayo . . .

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa inyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, gawin mong banal ang mga alay na aming inihanda ngayong aming sinasamba at sinasambit ang ngalan mong dakila at pakundangan sa mga alay na ngayo'y nasa dambana kami nawa'y maging laging nakalaan sa inyong adhika sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

Prepasyo

P—Sumainyo ang Panginoon!

B—At sumaiyo rin!

P—Itaas sa Diyos ang inyong puso

at diwa!

B—Itinaas na namin sa Panginoon!

P—Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

B—Marapat na siya ay pasalamatan!

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Kaisa ng iyong Anak at ng Espiritu Santo ikaw ay iisang Diyos na pinapanginoon ng mga tao. Ang iyong Anak at Espiritu'y di naiiba sa pagka-Diyos mo anupa't kahit tatlo'y iisang Diyos na totoo. Ang kadakilaan mong ipinahihiwatig upang aming panaligan ay siya rin naming sinasampalatayanan tungkol sa iyong Anak at Espiritu-tung Banal. Bagama't may tanging pag-iral ang bawat isa, iisang Diyos pa rin ang aming sinasamba, sa kapangyarihang taglay ay walang pagkakaiba.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa inyong kadakilaan:

B—Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B—Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B—Ama namin . . .

P—Hinihiling namin . . .

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B—Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P—Ito ang Panginoong Hesus na naging tao upang ihayag sa atin ang pag-ibig ng Diyos at ipagkaloob sa atin ang Espiritu Santo. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging. **B**—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang
(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Espiritu ng D'yos Anak ang bigay sa ating lahat ng D'yos Amang naghahangad na tayo ay makatawag ng "Ama" sa kanyang habag.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, mapakinabangan nawa ng aming buong katauhan ang pagtanggap namin sa mga banal na pinagsa-

luhan at ang aming pagsamba nang may pananampalatayang lubusan sa Tatlong Persona ng iisang Diyos lamang, sa pamamagitan ni Hesus-kristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!



P –Sumainyo ang Panginoon.

B –At sumaiyo rin!

P –Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B –Amen!

P –Humayo kayo at magpatotoo sa pag-ibig ng Banal na Santatlo saanman kayo naroroon.

B –Salamat sa Diyos!



Ang Apostolikong Liham ni Papa Francisco (*PATRIS CORDE*) sa Ika-150 Taon ng Pagpapahayag kay SAN JOSE bilang Tagapagtanggol ng Buong Simbahan

(P. René T. Lagaya, SDB)

Ikapatlong Bahagi: Ang Amang Anino Lamang

Ikinuwento ng manunulat na Polako na si Jan Dobraczyński, ang buhay ni San Jose sa kanyang aklat na pinamagatang “*Ang Anino ng Ama*.” Ginamit niya ang larawan ng anino upang ipakilala si Jose. Sa kanyang pakikitungo kay Hesus ay nagmistulang anino ng Ama sa langit si Jose. Binantayan at ipinagtanggol niya si Hesus at kahit kailan ay hindi niya siya pinabayaang. Maaari nating balikan ang mga sinabi ni Moises sa Bayan ng Israel: “Dinala niya kayo rito (sa ilang), at inalagaan tulad ng dapat gawin ng ama sa kanyang anak” (*Deuteronomio 1:31*). Sa ganitong paraan din kumilos si Jose sa kanyang buong buhay.

Hindi isinisilang ang mga ama; sila ay ginagawa. Hindi nagiging ama ang isang tao dahil lamang sa may isinilang na sanggol sa kanya sa daigdig, kundi sa pamamagitan ng kanyang pagpapasan ng tungkuling alagaan ang sanggol na ito. Tuwing may taong magpapasan ng tungkuling pangalagaan ang buhay ng isang tao, siya ay nagiging ama para sa taong ito.

Kay daming mga bata sa ating panahon ang mistulang

mga ulila, mga nilalang na walang ama. Nangangailangan din ang Simbahan ng mga ama. Angkop pa rin ang sinabi noon ni San Pablo sa mga taga-Corinto: “Sapagkat maging 10,000 man ang inyong guro tungkol sa pamumuhay Kristiyano, iisa lamang ang inyong ama” (*1 Corinto 4:15a*). Dapat ay kayang sabihin ng sinumang pari o obispo, kasama ng Apostol: “Sapagkat kayo’y naging anak ko sa pananampalataya kay Kristo Hesus sa pamamagitan ng Mabuting Balitang ipinangaral ko sa inyo” (*1 Corinto 4:15b*). Winika rin ni San Pablo sa mga taga-Galacia: “Minamahal kong mga anak, dahil sa inyo’y minsan pang nagdaranas ako ng hirap tulad ng babaing manganganak, hanggang sa ganap kayong mahubog kay Kristo” (*Galacia 4:19*).

Ang pagiging ama ay nangangahulugan ng pagdadala sa mga anak sa buhay at sa katotohanan. Hindi sila dapat pigilan sa pamamagitan ng labis na pagtatanggol at pag-aari sa kanila, kundi sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng kakayahang magpasya para sa kanilang sarili – hinahayaan silang magtamasa ng laya at ng paghahanap ng mga bagong pagkakataon sa buhay. Marahil, dahil dito, si Jose ay nakaugalian nang

tawaging kalinis-linisang ama. Ito ay hindi lamang isang magiliw na pagtawag sa kanya, kundi ang pangkalahatang turing sa kanyang taliwas sa anumang makasariling pag-aari. Ang kalinisan ay ang paglaya sa anumang makasariling pag-aari sa buhay. Tanging ang malinis na pag-ibig ay tunay at dalisay. Ang mapagaring pag-ibig ay mapanganib: ito ay nagpipiit, nanggagapos, at nagdadala ng kaawa-awang lagay. Ang pagmamahal ng Diyos sa sangkatauhan ay malinis; hinayaan Niya tayo, kahit na maligaw ng landas at lumaban sa Kanya. Ang pag-ibig ay laging mapagpalaya at batid ni Jose kung paano magmahal nang may kakaibang kalaayan. Kahit kailan ay hindi niya pinaikot ang daigdig sa kanyang sarili. Hindi niya inisip ang kanyang sarili; sa halip ay itinuon niya ang kanyang pansin sa mga buhay nina Maria at Hesus.

Natuklasan ni Jose ang kaligayahan hindi lamang sa pagpapakasakit ng kanyang sarili kundi pati na rin sa paghahandog ng kanyang sarili. Hindi natin nakita sa kanya ang anumang pagkabigo kundi pawang tiwala lamang. Ang kanyang matiyagang katahimikan ay pambungad sa tunay na pagpapahayag ng tiwala. Nangangailangan ang

ating daigdig ngayon ng mga ama. Hindi niya kailangan ang mga mapang-aping taong ang tanging nais lamang ay ang gamitin ang iba para sa kanilang sariling kapakanan. Inaayawan nito ang mga taong itinuturing na mapang-aping ang kapangyarihan, na pagiging alipin ang paglilingkod, na pagpapasunod ang pag-uusap, na pamumudmod ng tulong ang pagmamahal, at paninira ang lakas. Lahat ng tunay na tawag ng Diyos ay nakaugat sa paghahandog ng sarili, at ito ay bunga ng pagpapakasakit na ganap. Ang pagpapari at ang buhay ng pagtatalaga ng sarili sa Diyos ay nangangailangan ng ganitong uri ng kaganapan. Anuman ang ating larangan sa buhay, maging ito ay sa pag-aasawa o sa buhay ng pagtatalaga ng sarili sa Diyos, ang paghahandog ng ating sarili ay hindi magdudulot ng ka-

ganapan kapag ito ay tumigil lamang sa pagpapakasakit. Hindi ito nagiging tanda ng kagandahan at kaligayahan ng pag-ibig, ang paghahandog ng sariling mangangahas na magpapamalas ng kawalan ng ligaya, kalungkutan, at kabiguan.

Kung aayawan ng mga amang itulad ang buhay ng kanilang mga anak sa kanilang buhay, magbubukas ang mga di-inaasahan at bagong pananaw. Ang bawat anak ay tagapagdala ng ka-kaibang hiwagang maaari lamang mabigyan ng linaw sa tulong ng isang amang iginagalang ang kalayaan ng kanyang anak. Matutuklasan lamang ng isang amang siya ay talagang nagiging ama at guro kapag siya ay nawawalan na ng sagsay dahil nakikita na niya ang kanyang anak na lumalaya at nakapaglalakad na sa landas ng buhay sa


kanyang sariling mga paa at kapag nakakatulad na niya si Joseng laging batid na ang kanyang anak ay hindi niya pag-aari kundi ipinagkatiwala lamang sa kanyang pangangalaga. Sa katapusan, ito ang nais ni Hesus na ating maunawaan nang kanyang sinabi ito: “At huwag ninyong tawaging ama ang sinumang tao sa lupa, sapagkat iisa ang inyong Ama, ang Amang nasa langit” (Mateo 23:9).

Sa anumang paraan ng pagiging ama, dapat nating laging isiping walang kaugnayan ito sa pag-aari, kundi sa pagtuturo sa higit na dakilang pagiging ama. Kung tutuusin, tayong lahat ay tulad ni Jose: isang anino lamang ng Ama sa langit, na “pinapasikat niya ang araw sa masasama at sa mabubuti, at pinapapatak niya ang ulan sa mga banal at sa mga makasalanang” (Mateo 5:45b). At ang aninong ito ay laging sumusubaybay sa Kanyang Anak.

*A simple narrative
of the Marian apparitions
at Fatima,
illustrated in comic strips
in Filipino manga style*

Plus:

- a documentary section on the Messages and Secrets of Fatima,
- the Alliance of Billions of Hearts, and
- the devotion to the Five First Saturdays



Get your copy from any religious bookstore or order now from **Word & Life Publications**

Tel. nos.: 8894-5401/02; 8894-5241 or 0917-6295485

E-mail address: wordandlifepublications@gmail.com



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • **Telefax:** 8894-5241 • **Website:** www.wordandlife.org

• **E-mail:** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • **FB:** Word & Life Publications

• **Editorial Team:** Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio

• **Illustrations:** A. Sarmiento, B. Cleofe • **Marketing:** J. Feliciano • **Circulation:** R. Saldua